

1

“Nasaan na ba iyang batang iyan? Aba’y hindi na nga nagtanghalian, mukhang hindi pa rin yata kakain ng pang-gabihan. Tawagin mo nga, Pacing,” utos ng matandang si Engr. Jose Navarro sa maybahay nito. “Sabihin mo sa apo mong iyan na gusto ko siyang makasabay sa hapag-kainan at may mahalaga kaming pag-uusapan.”

“Hay naku, Jose,” nailing ang asawang nag-aahin ng hinandang pochero sa mesa. “Para namang hindi mo kilala iyang si Chloe. Kapag nakaharap na ‘yung mga libro niyang hindi ko malaman kung saan ba niya pinagbibibili, aba’y hindi mo na mahahagilap.”

“Eh bakit ba kasi napakahilig ng apo mong iyan sa mga ganoong klaseng libro? Tungkol sa mga aswang, mangkukulam at kung ano-anong kababalaghan!” Napapilantik ang matanda.

“Sa natatandaan ko, nagsimulang mahilig si Chloe sa ganyang mga bagay mula nang mamatay ang mama’t papa niya. Doon ko na siya napansing nagbababasa ng mga kung ano-anong babasahin tungkol sa mga nakakatakot na

bagay. Hamo, aakyat ko na't nang makausap mo na rin."

Malaki ang tahanan ng mga Navarro sa Pasig. Nag-iisang apo si Chloe Navarro nina Lolo Jose at Lola Pacing sa nag-iisa rin nilang anak na namatay, kasama ang asawa, sa isang sakunang naganap sa Kennon Road sa Baguio. Naulila ang dalaga sa edad na anim na taon at mula noon ay lumaki na si Chloe sa pangangalaga ng mga mapagmahal na lolo.

"Chloe!" kumatok ang matandang Pacing sa pintuan ng silid ng dalaga. "Chloe! Buksan mo nga ito."

Bumukas ang pinto at mula sa maliit na awang ay sumilip ang marikit na mukhang natakpan ng makakapal na paris ng salamin sa mata. "Yes, my loving grandmother?"

Nakunsimi ang matanda sa apong halatang may itinatago. "Pa-loving-loving grandmother ka pa diyan! Aba'y buksan mo nga itong pintuan mo at nang makapasok ako."

"Lola naman," ngumuso siya. "Eh magulo pa ang kuwarto ko, eh," nagpalusot ang halatang ayaw magpapasok.

Bigla na lamang siningit ni Lola Pacing ang katawan sa bahagyang nakabukang pinto. “Magulo-magulo. Papasukin mo nga ako, bata ka!”

Napanganga si Lola Pacing nang biglain ito ng ilang bunton at hilera ng librong nakapatong sa mesa ni Chloe. May napansin rin itong ilan pang nakakalat sa makintab nitong sahig. Yumuko ang matanda at takahang namulot ng isang libro na may pamagat na, “Beyond Graves and Death.” Dahan-dahan din nitong kinuha ang isa sa mga nakakalat sa kama niyang may pamagat namang, “Spirits and the Unknown”.

“Aba’y, Chloe! Dito mo lang ba inuubos ang pinapasuweldo sa iyo ng lolo mo?” Hindi na nakapagpigil magtanong ang matandang manghang-mangha sa dami ng mga libro ng apo tungkol sa kamatayan, multo, kaluluwa at kung ano-ano pang babasahing maisasama sa kategorya ng horror literature. “Hindi ba’y sinabihan ka na ng lolo mong tigil-tigilan mo na ang pagbabasa sa mga ganitong bagay?”

“Lola, matanda na ako. Lolo can’t stop me from reading things that I love reading.” Umakbay ang dalaga sa balikat ng matanda

habang nag-ayos rin ng dumudulas na salamin sa ibabaw ng kanyang matangos na ilong.

“Alam mo, Chloe, sa kababasa mo ng ganyan, nakakalimutan mo nang ganap ka nang dalaga. Sarili mo na dapat ang iniintindi mo at hindi ang mga ganitong nakakakilabot na bagay,” nangaral ito. “Tingnan mo ang sarili mo. Sa kakabasa mo, ang kapal-kapal na ng grado mo sa mata! Ni hindi ka man lamang nag-aayos ng buhok mo!” Pinulot ng matanda ang isang librong may takip ng isang babaeng nakatayo ang mga tila-kinuryenteng buhok. “Ayan! Nakikita mo itong litratong ito?” Tinuro nito ang takip ng libro. “Kaunti na lang at ganyan na ang magiging hitsura mo kapag hindi ka tumigil sa kababasa ng mga ganyan!”

“Ay, Lola, excuse me, ha!” nangiwi ang apo. “Hindi naman ako mukhang witch, ano.”

“Hay naku! Napakatigas talaga ng ulo mo! Bahala ka! Basta! Bumaba ka sa dining at pinapatawag ka ng lolo mo. Dali na.” Napailing na lamang si Lola Pacing sa sinukling tawa ng apong hindi dinibdib ang pangungunsi nito.

“MAGHANDA KA at aakyat tayo ng Baguio bukas ng hapon,” saad ng lolong katabi ni Chloe sa hapag-kainan. “Kailangang asikasuhin natin ‘yung lupa natin doon at ‘yung biniling bahay ng papa mo sa Benguet.”

“Lo?” Nabigla si Chloe. Agad siyang napakapit sa kamuntikan na niyang bumagsak na salamin sa pagkagulat. “Eh bakit kailangan ko pang sumama?”

“Aba’y papasok-pasok ka bilang executive secretary ko, tapos ngayon, magrereklamo ka,” nailing ang lolong umabot sa plato ng ulam na nasa tapat nito.

“Lolo, I’m your executive secretary sa kompanya ninyo, hindi travelling manager. Ano’ng ginagawa ni Dodgie? Di ba siya ang in-charge sa mga out-of town businesses ninyo?” nagpaalala siya. “And, besides, hindi naman konektado sa opisina iyang properties ninyo sa Baguio, ah.”

“Anong hindi konektado sa opisina? Eh hindi mo ba alam na kaya natin aasikasuhin iyon dahil added income iyon para sa atin? Matagal nang ‘for sale’ ang lupa natin doon. Nabigla na lamang nga ako dahil may tumawag sa

akin kanina. May interesado daw na bumili sa dalawang hektarya natin doon. Kapag nabenta natin iyon, may added revenue na tayo para maipatayo ‘yung planong ipinakita ko sa iyo kahapon sa matitirang tatlong hektarya.”

“Lolo, please, iba na lang ang isama ninyo. Iwan n’yo na lang ako sa office para may magbantay.”

“Kasalanan mo iyan, Chloe. Kung ginamit mo ba sana ang tinapos mong kurso sa ComSci at pumasok ka sa kompanya ng kumpare ko, eh di sana hindi kita utusan ngayon,” nanisi ang matandang napailing.

“Pero, Lo, you know naman kung bakit sa company ninyo ako pumasok, di ba?” naglambing siya ng tinig. Bigla niyang niyakap ang matanda at humilig sa dibdib nito. “Dahil sa lab na lab ko kayo at gusto ko, lagi akong nasa tabi ninyo. Aba! Ayoko yatang iba ang mag-aalaga sa lolo kong pogi!”

“Hay naku, Chloe,” napabuntong hininga ang matanda. “Kaya naman pala mas mataas pa ang sinusuweldo mo kaysa sa mga branch managers natin, ano? Alam mo kasing hindi kita mahihindian!”

“Kaya nga, Lolo, eh. Kaya nga mas okay kung iiwan na lang ninyo ako rito, kasama si Lola,” pangungulit niya.

“Kasama ako o ang mga libro mo?” nagtanong ang nakisabat na ring lola.

“Lola naman,” ngumuso siya.

“Ah basta. Sa ayaw mo at sa gusto mo, sasama ka sa akin sa Baguio bukas, Chloe,” utos ng abuelo. “Ayaw mo ba noon? Para ka na ring nagbakasyon habang tuloy-tuloy ang allowance at suweldo mo?”

“At saka, apo, matagal-tagal ka na ring hindi nakakaakyat ng Baguio, ah,” nagpaalala si Lola Pacing. “Ang huling punta mo roon ay noong buhay pa ang mama’t papa mo.”

PASADO ALAS DOSE na ng gabi ngunit gising na gising pa rin si Chloe. Tutok na tutok ang kanyang diwa sa binabasang katatakutang libro habang sige sa pagsubo niya ng popcorn sa kanyang bibig. Sa tuwing darating na ang kanyang binabasa sa yugtong kagulat-gulat ay kapansin-pansing bigla na lamang niyang ihihinto ang pagbabasa, titingin-tingin muna sa

kabuuan ng kanyang kuwarto sa takot na baka naroon na sa kanyang tabi ang kinatatakutan. Sa huli ay mangingiti siya at aayusin na ang halos malaglag niyang salamin sa mata at muling ibabalik ang atensyon sa binabasa.

Nang makaramdam na ang kanyang mga mata ng bahagyang kapaguran ay ibinaba na rin niya ang kinababaliwang babasahin. Tinungo niya ang bintana niya kung saan naroon ang lamesitang may baso at isang pitsel ng gatas. Nang painom na siya ay kanyang pansin ang tila kulay pulang ilaw na nagmula sa labas ng kanilang gate na tanaw niya mula sa kanyang silid.

Nakakunot-noo siyang yumukod habang pinagmasdan ang naaninagang tao na may inilalagay na bagay sa loob ng kanilang lagayan ng sulat.

“Ang sipag naman ng karterong ‘yan,” napabulong si Chloe habang napatingin siya sa orasan niyang nagsabing pasado ala-una na ng madaling araw.

“Ano kaya ‘yung hinatid niya sa mailbox?” tanong niya sa sarili ngunit nabigla siya nang makitang tila bulang nawala ang karterong

hindi niya namataan sa kahabaan ng kanilang kalye sa Buenas Dittos Village.

Nawalang bigla ang kaantukan ni Chloe at dali-dali siyang pumanaog. Tinungo niya ang malaki nilang mailbox at kinuha roon ang isang bagay na may sukat parihaba. Balot na balot ito sa kulay itim na papel. Bubuksan na sana ito roon ni Chloe nang biglang kumidlat at bumuhos ang malakas na ulan.

Dali-dali siyang nagtatakbo ngunit nang marating niya ang kanilang silid-tanggapan ay basang-basa na ang buo niyang katawan. Ang pinagtakahan niya ay kung bakit tuyong-tuyo pa rin ang balot ng hawak-hawak niyang pakete na gawa lang naman sa manipis at ordinaryong papel. Nang hipuin niya ang kulay gintong laso ay wala siyang nadama ni gapatak mang kabasaan rito.

Kamot-ulong umakyat si Chloe patungo sa kanyang silid habang kapansin-pansing tila naglulumiwang ang dalang parsela sa gitna ng madilim niyang nilalakaran. Nang maipinid niya ang pintuan ng kanyang silid ay sinipat-sipat niya ang kabuuan niyon sa pag-aakalang baka mayroon itong maliit na bumbilya na

siyang pinagmulan ng pulang liwanag, ngunit nabigo siya. Ang tangi niyang napansin ay ang pangalan niya sa ibabaw na nakasulat-kamay sa Old English script bilang pinadadalhan nito.

Hindi malaman ni Chloe kung bakit ginapangan siya ng takot nang mga sandaling. Takot na kahalintulad ng nadama niya nang magpaalam ang kanyang mama't papa sa kanya bago sila madisgrasya at mamatay nang pababa ng Kennon Road sa Baguio. Tandang-tanda pa niya ang buong pangyayari na waring kahapon lamang naganap ang lahat.

“Chloe, anak, always remember that papa and mama loves you very much, okay?” saad ng ina niyang nakaluhod sa kanyang harapan. Pinunasan nito ang matataba at basa niyang mga pisngi. Inayos na rin nito ang nalalaglag niyang salamin sa ibabaw ng kanyang ilong. *“Don’t cry anymore, baby. Sandali lang naman kami ng papa, eh.”*

“Chloe, tatandaan mo ang bilin namin ni Mama, okay?” nagpaalala ang amang nagtarangka ng mga bintana at pintuan sa buong kabahayan nila sa Benguet. *“You should never go out of the house,”* huminto ito sa tapat ng kanyang nakatingalang mukha, *“huwag ka ring sisilip sa mga windows,*

kahit ano man ang marinig mo sa labas. Hangga't hindi mo kami nakikita ni Mama o ni Lolo at Lola ay hindi ka puwedeng lumapit sa pintuan."

"Ipinagbilin mo na ba sa mga katulong natin ang mga dapat—"

"Oo, Marie," agad nitong sinagot ang kanyang ina. Napatingin ang ama sa relo at dali-daling humalik sa noo ng anak at pagkatapos ay nag-aya, "Halika na, Marie, at hindi tayo dapat abutan ng dilim. Mahirap na. Baka maulit 'yung—"

Nahinto ang amang nagsasalita sa nakita niyang pagsenyas ng kanyang mama rito na waring nagsasabing, "Tama na. Huwag mo nang banggitin."

Hindi mawari ni Chloe kung bakit may namataan siyang takot sa anyo at tinig ng kanyang ama nang mga oras na iyon.

"Chloe, will you give me a giant hug before—"

Hindi pa man din nakakatapos magsalita ang ina niya ay niyapos niya ito na tila iyon na ang huli nilang pagkikita.

Luhaan pa rin siya nang mahigit isang oras nang nakaalis ang kanyang mga magulang na ngayon lamang siya iniwan sa pangangalaga ng mga katulong. Dati-rati ay isinasama siya ng mga ito sa

lahat ng kanilang lakad. Hindi niya maintindihan kung bakit kinailangan siyang maiwan nang panahong iyon, lalo na't naulinigan niyang sa Maynila pa pala sila luluwas.

Dali-dali siyang nagtatakbo papalapit sa telepono nang kumiriring ito.

“Hello, Papa?” sagot ng kanyang maliit na tinig na humihikbi-hikbi pa, ngunit hindi ang kanyang ama ang sumagot.

“Hello, four eyes?” tukso ng isang maliit na tinig na nakilala niya. Iyon ay si Raven, ang kapit-bahay niyang madalas na mamuska. Anak ito ng matalik na kaibigan ng kanyang mama. “O? Umiiyak ka ba, ha?” tanong nito.

Hindi sumagot ang batang si Chloe at bagkus ay lalo siyang napahikbi sa tapat ng telepono.

“Halika, labas ka na lang para mag-play tayo!” aya nito.

Umiling nang malakas si Chloe. “Mama said I can't go outside.”

“Bakit? Hindi naman masyadong malamig ngayon, ah?” nagtanong ito. “Sige na. Laro tayo!”

“Hindi nga puwede, eh,” sumagot si Chloe. “At

ayoko na ring makipaglaro sa iyo kasi lagi mo ako nilalagyan ng spider sa hair!”

“Eh di ba sabi mo gusto mong maging spider woman kasi ako si Spider-Man?” tanong ng humahagikgik na batang lalaki na paos-paos pa ang tinig.

“Oo, pero bakit kailangan mo pa ako lagyan ng spider?” ngumuso siya. “I hate spiders!”

“Hindi ka puwedeng maging spider woman kung hindi ka makakagat ng spider! Hmp! Ako na nga ang tumutulong sa ‘yo, hindi ka pa naniniwala diyan” nagtampo-tampuhan si Raven.

“I’ll say bye-bye now, Raven. I’m waiting for papa’s call, eh.” Suminghot-singhot siya sabay baba sa telepono.

Patungo pa lamang si Chloe sa lamesang may nakatimplang gatas ay bigla na namang kumiriring ang telepono.

Sinagot niya ito nang nakalamukos ang mukha, “Hello, Raven, please stop calling—“

“Chloe... Chloe...” umungol ang isang tinig na tila nagmula sa kaila-ilaliman ng lupa.

Nangilabot ang batang biglang nangatal.

“Who are you?” nanginig ang kanyang tinig.

“Chloe... Chloe...” umulit ang tinig.

Nagsimula magluhang muli ang katutuyo pa lamang niyang mga mata sa takot. Nang mapadako ang kanyang tingin sa bahagyang nakahawing kurtina ay isang kakaibang hilakbot ang umakyat sa kanyang likuran.

Nakita niya roon ang isang pares ng mapupulang mga mata na nakadukwang sa kanya.

“Eeeee!” tili niya nang ibaba niyang bigla ang telepono. “Eeeeeeeee!”

Nang makarating roon ang kanilang katulong ay hinimatay na siya sa tindi ng pagtakot.

Ang sunod niyang natandaan ay ang pagmulat ng kanyang mga mata habang siya ay nakakandong sa mga hita ng kanyang Lolo Jose na magang-maga ang mga mata sa kaluluha.

“Lolo! Lolo!” Yumakap siya rito. “I want mama and papa! Where are they?”

Mahigpit siyang niyapos ng matanda at bumulong, “Wala na sila, apo. Wala na.”

Bumalik si Chloe sa kanyang sarili nang kapansin-pansing nabasa ang bahagi ng parselang natuluan ng kanyang luha. Napakamot

siya sa kanyang ulo sa pagtataka nang mangyari ito. Hindi niya maintindihan kung bakit nabasa iyon ng iisang patak ng luha habang nanatili iyong tuyo sa bumuhos ritong tubig-ulan.

Sa huli ay nagkibit-balikat na lamang siya at dahan-dahan niyang binuksan ang balot. Nanlaki ang kanyang mga mata nang makitang isa pala itong libro na kulay itim ang takip. Kulay ginto naman ang gilid ng mga pahina nito.

Binali-baligtad niya ito at binulatlat sa pag-asang malaman niya kung sino ang nagpadala ng mamahaling babasahin ngunit nabigo siya. Ang tanging nabasa niya sa unang pahina ay ang malamang na inisiales ng pangalan ng may akda, “DV”.

Nang buksan niya ang libro sa unang kapitolo nito ay bigla siyang nakaramdam ng pagkahilo kung kaya’t pinili na lamang niyang isantabi na muna ito. Pinaunlakan na niya ang kaantukan ng kanyang diwa bilang paghahanda sa malayuan niyang pagbiyahe kinabukasan patungo sa lalawigang kinamulatan.

2

Labing pitong taon na ang nakakaraan mula nang huling makita ni Chloe ang siyudad ng Baguio. Malaki man ang ipinagbago ng kinalakihan niyang lalawigan ay hindi pa rin nagbago ang kanyang pakiramdam para sa pook na iyon. Dala pa rin niya ang mapait na alaala ng kanyang mga nasirang magulang, pati na rin ang kahindik-hindik na mga matang tumanaw sa kanya noon mula sa bintanang nakapinid.

“O ano, Chloe? Wala ka bang balak bumababa riyan?” tanong ni Lolo Jose sa apong kanina pa nakatulala sa loob ng sasakyan. Hindi niya namalayang nakarating na pala ang kanilang van sa Benguet, ang lalawigang wala pang isang kilometro ang layo mula sa Baguio.

“Ay, Lo! Sorry!” bigla niyang binuksan ang kanyang pintuan.

Sinalubong ng sariwa at malamig na simoy ng hangin ang kanyang pang-amoy na siyang nagpasidhi sa mga alaala niyang hindi pa rin nabubura ng matagal nang panahon. Lihim niya itong kinimkim sa kanyang sarili.

“Natatandaan mo pa ba ang bahay na ito?” nakangiting tanong ni Lolo Jose.

Mahina siyang tumango-tango na sinabayan niya ng isang payak na ngiti. “Yes, Lo. Bahay namin nina Papa at Mama.”

“Napakaganda pa rin ng bahay na ito.” Pinagala nito ang paningin sa kabuuan ng tahanan. “It was your father who designed ang built this. Alam mo bang he was one of my best architects and engineers all in one?” pinagmalaki nito ang nasirang unica hijo.

Nagpaimpis-labi siya at muling tumango-tango habang sinikap niyang tanawin ang bahagi ng bahay na natatandaan niyang malamang ay tinungtungan ng taong may mala-impaktong mga mata.

“Lolo, bakit hindi ninyo ito isama sa sale ng property na nasa Baguio?” natanong niya habang sinimulan niyang tunguhin ang malawak na likuran.

“Well, first and foremost, ayoko, dahil ito ay ang tanging natitirang alaala ng mga magulang mo. Secondly, wala sa akin ang papeles nito. Hindi nabanggit ng papa mo sa amin ng lola

mo kung saang bangko o safety deposit box niya ito itinago. Legally, wala akong karapatang ibenta ito,” sumagot ang matandang sumenyas sa drayber nitong magbaba na ng kagamitan. “Ikaw lang.”

“Ang ganda ng garden, Lolo!” Napahabol-hininga siya nang salubungin ang kanyang paningin ng makukulay at sari-saring bulaklak na binalot sa luntiang mga dahon at damuhan. “It’s almost like paradise! Wala pa akong nakikitang ganito sa Manila,” saad niya habang kanyang nilalapitan ang isang buntong mga rosas na kulay peach. Mayamaya’y tinuro niya ang mga bulaklak ng daisy at sunflower. “Lolo, hindi ito ganito noong bata pa ako.” Hinipo-hipo niya ang mga makukulay na usbong. “Sino ang nagme-maintain nito? I bet mahal ang bayad ninyo sa gardener ninyo.”

Napangiti ang matanda sa nasiyahang apo. “So, mukhang nagustuhan mo ang bagong garden, hija?” Umakbay ito sa kanya.

Tumango-tango ang dalagang umaamoy sa ilang mga bulaklak.

“Well then it’s settled.” Inayos nito ang suot na chaleco. “Hindi na tayo kukuha ng

reservation sa hotel. We'll be staying here hanggang sa matapos ang deal natin sa two hectares na ibebenta.”

Hindi na rin nakipagtalo si Chloe. Inisip niyang marahil ay guni-guni lamang niya ang nakita noong siya ay anim na taong gulang pa lamang sa kanilang bintana. Inisip rin niyang magiging perpekto ang tahimik at preskong lugar na iyon upang siya ay makapagbasa ng maigi.

ALAM NI CHLOE na nasa isang meeting ang kanyang lolo nang maisipan niyang tumakas upang makapunta sa isang tindahan ng mga libro sa Baguio.

Hinanap niya ang hilera ng mga babasahing nasa klasipikasyon ng horror. Nasa kabila lamang ito ng mga librong pang-relihiyoso. Maraming pamagat ang nakita niya roong hindi niya nakita sa mga bookstores sa Maynila kaya hindi na siya nagdalawang-isip pa kung ang mga ito'y bibilhin ba niya o hindi. Humigit-kumulang ay nasa dose pirasong makakapal na libro ang nasa kanyang tabi nang tumunog ang kanyang cellphone.

Kinabahan siya nang makitang ang tumatawag pala ay ang kanyang lolo. Pinili niyang huwag na lamang itong sagutin at magmadali na lamang.

Hirap man si Chloe sa kabigatan ng mga libro ay pilit pa rin niyang binuhat ang mga iyon patungo sa cashier at pasilip-silip na lamang siya sa kanyang gilid upang makita pa rin niya kahit papaano ang dinadaan. Dahil sa nakatutok ang kanyang tingin sa kanan niya at mabilis ang paglalakad ay hindi niya nakitang sinasalubong na pala niya ang isang lalaking may buhat ring mga libro. Nagmamadali rin ito sa pagpunta sa kahera at tulad ng dapat asahan, nagkabangaan ang dalawa.

Umalingawngaw ang mga tunog ng nagbagsakang mga libro. Nagulantang na lamang si Chloe nang matagpuan niya ang sariling nakaupong pabukaka habang nagkalat ang mga libro sa kanyang harapan. Nahaluan na ang mga ito ng mga dalang libro ng nakabanggang sumalampak ding tila isang prinsipeng palaka.

“Ano ka ba?” magaspang na sigaw ng dalagang nag-ayos ng tumabinging salamin

niya sa mata. “Bakit ba hindi mo tinitingnan ang dinadaan mo?”

“Aba, eh kayo nga diyan, Misis, ang hindi ho nakatingin, eh,” sumagot ang lalaking nagsimula nang magpulot ng sariling mga libro.

“Aba! At ako pa ngayon ang sinisi ng sira ulong ‘to!” napabulalas si Chloe habang gumapang na ring nagpulot sa mga nagkalat niyang mga libro. “Ano ka ba? Para kang bakla kung makasisi, ah!”

“Naku, Misis, mag-ingat-ingat kayo sa pananalita ninyo at baka mapatunayan ko sa inyo, kahit Misis na kayo, na lalaking-lalaki ang binangga ninyo!” sumagot ang napahintong lalaki.

“Aba! At hindi ka lang pala bakla, bastos ka pa at kalahati!” sabay pukol ni Chloe sa ulo nito ng isang napulot na libro. “Ayan! Iyan ang bagay sa mga tulad mong walang modo!” sikmat niya habang nakatingin sa mga librong angkin ng binata. “Tsk! Tsk! Tsk! Sayang! Mga Bibliya at kung ano-anong relihiyoso pa naman ang binabasa mo!”

Napatingin naman ito sa mga nakakatakot na mga librong bibilhin ni Chloe habang hinimas-himas nito ang pinalong bahagi ng ulo, “Ay naku! Kaya naman pala, eh. Alam ko na ho ngayon kung bakit ganyan ang ugali ninyo.” Ngumisi- ngisi ito. “Kung hindi man kayo mangkukulam, malamang, aswang kayo, Misis.”

“Ah ganon, ha?” Bigla na lamang nambato si Chloe ng isang makapal na libro sa kaaway. “Hayan! Iyan ang bagay sa iyo, Mr. Kumag! And for your information, hindi pa ako Misis! Miss pa ako!” Padabog siyang umalis na daladala ang mga librong napili habang naiwang nagnangingitngit ang binatang hindi na naman nakailag. Hindi na ito lumaban sa takot na baka nga isang mangkukulam o aswang ang babaeng nakabanggaan at mangganti pa sa ibang bagay.

Umirap-irap si Chloe sa iniwang lalaking nagpupulot pa rin ng mga libro. Bumulong siya habang huminto siya sa isang malaking salamin at sinipat ang kabuuan ng sarili. “Hmp! Ang mukhang syokoy na iyan! Tinawag ba naman akong Misis! Aba! Hindi ba niya alam na single na single pa ako at never ever been kissed?”

3

Masamang masama ang loob ni Chloe nang makapasok siya sa kanyang silid nang gabing iyon. Sa abot ng kanyang naaalala, nasa labing tatlo ang bilang ng mga nabili niyang libro ngunit dose piraso lamang ang nasa ibabaw ng kanyang kama. Ang isang piraso pa ay hindi kanya. Batid niyang marahil ay para sa nakaaway niyang lalaki ang nahalong librong kulay pula ang takip at kulay pilak ang gilid ng mga pahina. Hindi na niya binasa ang pamagat ng naligaw na libro at padabog niya itong initsa sa loob ng isa sa kanyang mga aparador.

Nang makatapos na siyang makaligo ay nagbihis siya sa kanyang ternong pajama at nagkabit na ng ilang mga rollers sa kanyang buhok. Humiga na siya at sisimulan na sana niyang basahin ang isa sa mga nabili niyang libro nang mapansin niyang may lumalakas na kumalabog mula sa loob ng kanyang aparador. Napakibit-balikat na lamang siya sa pag-aakalang baka isang daga lamang ang may kagagawan ng kaluskos kung kaya't bumalik siya sa kanyang pagbabasa. Isang pahina pa lamang ang kanyang natatalakay nang muling

nag-ingay ang nasa loob ng kanyang aparador.

Napadabog ang naistorbong dalaga at tinungo niya ang aparador. Nabigla siya nang makita niya roon sa loob ang kulay itim at gintong libro na ihinatid ng mahiwagang kartero sa kanilang bahay sa Pasig. Katabi nito ang nakabulatlat na kulay pulang libro na initsa niya sa loob ilang minuto pa lamang ang nakalilipas.

Kinuha niya ang librong itim at umupo siya sa lamesitang nasa tabi ng kanyang bintanang nakabukas.

“Bakit nandito ito? Hindi ko naman nasama ito sa pag-iimpake dahil sa pagmamadali ko, ah?” napatanong siya sa sarili. Kataka-takang pagbukas niya sa unang pahina ay napansin niyang wala nang nakasulat roon, ni isang letra man lamang. Wala na rin ang dalawang titik na ‘DV’. Inikot niya ang pangalawang pahina ngunit wala rin siyang nakitang mga salitang nakasulat. Binulatlat niya ito sa gitna ngunit ganoon pa rin ang kanyang nakita, mga blangkong pahinang walang bahid na nasulatan ito kahit kailanman.

Napailing si Chloe at napakamot sa ulo habang ilinapag na lamang na nakabulatlat ang

libro sa ibabaw ng kanyang lamesita. Tinungo niya ang kanyang kama at doon ay napag-isipan niyang magbasa na lamang. Sa tindi ng pagod ng kanyang katawan nang araw na iyon ay hindi niya namalayang dumausdos na pala ang kanyang diwa sa malalim na pagtulog na bumunga sa isang malagim na bangungot...

Luhaan ang kanyang mga pisnging matataba habang hawak-hawak niya sa isa niyang maliit na kamay ang telepono. Nang mapatingin siya sa bintanang may kurtinang bahagyang nakahawi ay bigla siyang nagyelo sa kanyang kinauupuan. Doon ay nakita niya ang isang pares ng nagniningas na pulang mga mata na sa kanya ay titig na titig. Nang ibababa na niya ang hawak pa rin niyang telepono ay napansin niyang nagdalaga na ang kanyang kamay. Hindi na siya isang bata kung hindi isa nang dalaga. Nang mapatingin siyang muli sa bintana ay sumidhi ang kayang pangangatal. Hindi na nakapinid ang bintanang natatandaan niyang ama niya mismo ang sumara. Dali-dali siyang nagtatakbo patungo sa kusina ngunit napahinto siya nang salubungin siya ng isang matangkad na lalaki na may maamong mukha.

Ngumiti ito sa kanya at nagsabi, “Chloe, Chloe. Bakit ka tumatakbo? Saan ka pupunta?”

Color of the Night by Kate Estrada

“May impakto sa labas ng bahay!” agad niyang tugon habang nilingon-lingon niya ang nakabukas na bintana.

“Halika, sumama ka sa akin.” Inabot ng lalaking may maamong mukha ang kamay sa dalagang putlang-putla ang mga labi sa takot. “Ako ang magtatago sa iyo.”

Sa takot ni Chloe ay hindi na niya ininda kung sino mang estranghero ang umaya sa kanya. Ang tanging alam niya nang mga sandaling iyon ay ang kagustuhan niyang makalayo sa mga matang nakahumang sa kanya. Agad niyang niyakap ang katawan ng lalaki at hinayaan niyang akayin siya nito.

Nang muli siyang dumilat ay nabigla siya sa kanya nang kinaroroonan. Madilim at tila nasa ilalim siya ng daigdig sa anyo ng mabato at mainit na pook. Isang kulay-pulang nagniningas na apoy ang pinagmulan ng liwanag sa mausok na lugar kung saan ay nakita niya ang ilang taong nakatalukbong ng kulay itim.

Nang titingala na siya sa lalaking umaakay upang mag-tanong kung nasaan na sila ay tila nalaglag sa lupang putikan ang kanyang nabiglang puso sa hilakbot na nakita. Ang angking mga matang

nakikiusap ng lalaki ay napalitan ng mga matang kulay pula na punong-puno ng galit.

“Ikaw! Ikaw ang impakto! Lumayo ka!” napasigaw siya habang pilit niyang kinalas ang mga kapit nito sa kanya.

Humalakhak ang lalaki at unti-unting natunaw ang balat nito sa mukha hanggang sa ang bungo na lamang nitong inuuod ang natira. May laman pa rin itong mapupulang mga mata na hindi inilayo ang titig sa kanya.

“Akin ka na, Chloe! Akin ka na!” saad nito sa magalas na tinig na sinundan ng malalakas na halakhak.

“Let me go! Let me go!” Nagpupumiglas siya.

“Hindi ka na makakatakas! Akin ka na!” Humalakhak itong muli na sinabayan nito ng pagbuhat sa katawan niyang pilit pa ring nanlaban. “Matagal na kitang hinintay at natutuwa ako dahil tunay ka ngang karapat-dapat para sa akin! Lingid sa kaalaman mo, Chloe, ay hinanda mo ang kaluluwa mo nang higit pa sa inakala kong mararating mo! Nababagay ka nga sa akin! Bagay na bagay!”

Biglang napabalikwas si Chloe sa kama at nahulog siya sa sahigan kung kaya’t nagising

siya mula sa kanyang masamang panaginip. Kinuskos niya ang nanlalabo pa niyang mga mata at nang mapadilat siya ng husto ay napansin niyang may nagkakagulong mga tao sa labas ng kanyang bintana. Dali-dali niyang isinuot ang kanyang salamin sa mata at minabuting tumayo na upang malaman kung ano ang pinagkakaabalahan ng mga ito.

Nang mabuksan niya ang pintuan ng kanyang silid ay sinalubong siya ng nagyeyelong kalamigan mula sa isang baldeng tubig na binuhos sa tapat ng kanyang mukha.

Napanganga ang nagulantang na dalagang napaliguan ng wala sa oras. Nanlabo ang kanyang mga salaming napuno ng ulap sa biglang pagsingaw ng init mula sa kanyang kumukulong dugo . Nagmistula siyang isang basang sisiw na may iilan-ilang mga kulay berdeng rollers sa buhok na nangabagsakan sa harap ng natuod niyang mukha. Bagsak balik siyang napanganga sa harapan ng may sala.

“Ay, sorry! Sorry!” humingi ng paumanhin ang isang lalaking nakatayo sa kanyang harapan na siyang may hawak ng baldeng wala nang laman. Dali-dali nitong kinuha ang salamin

niya mula sa kanyang mukha at pinunasan ito sa suot nitong tuyong kamiseta. Pagkatapos ay kinakabahan nitong ibinalik sa mukha ni Chloe ang lumiwanag nang salamin. “Sorry talaga,” manginig-nginig tinig itong umulit. “Hindi ko kasi inakalang may nakatayo pala diyan sa pinto.”

Tinuro niya ang kanyang mukha.

“Nakikita mo ba ‘tong mukhang ‘to?” nagtanong siya sa isang tinig na iisa ang tono habang dinukdok niya ang mukha niyang tila nalugi sa harapan nito. Halos umusok na ang ilong niya sa galit. “Mukha bang inodoro ‘tong mukhang ‘to at binalde mo ako ng ganito?”

“Ay hindi!” Hinubad na nito ang suot na kamiseta. “Pasensya ka na talaga,” nakiusap ito habang umakmang ipupunas ang hinubad sa mukha ng dalagang nagngingitngit, ngunit biglang hinawi ni Chloe ang paparating nang pamunas.

“At ano ang tingin mo sa t-shirt mong nalibagan mo na? Tissue?” nanggalaiti ang dalaga. “Aba! Kahit puwet ko aayawan iyan, eh!” Nagsimula siyang magpagpag ng nabasang katawan.

“Eh kasi, ang nasa isip ko kanina, ‘yung mapatay kaagad ‘yung sunog dito sa kuwarto mo.” Sumunod ito na tila isang tuta sa tumalikod na biktima habang tila may hinanap ang mga mata nito sa kapaligiran.

“Sunog? Nababaliw ka na ba? May nakikita ka bang sunog dito, ha?” napabulalas siya. “Magpatingin ka nga ng mata at baka kailangan mo na ring magsalamin!”

“Teka, oo nga ano. Bakit walang sunog rito?” Tila isang desperadong naghanap ang mga mata nito sa kapaligiran. “Kitang-kita namin mula sa bintana mong iyan, eh—“

“Chloe! Ang apo ko!” Nagmamadaling niyakap ng dumating na matanda ang apong basang-basa ng tubig. “Mabuti na lang at walang nangyari sa iyo.”

“Lolo, ano bang nangyayari sa inyong lahat? Aba’y nananahimik ako rito tapos bigla-bigla na lang dumating tong bumberong-supot na ‘to,” tumuro siya sa binatang nagsusuot na ng kamiseta, “at kesyo may sunog daw dito sa kuwarto ko!”

“Hijo, nasaan nga ba ang sunog?” Nagtaka

ang matandang tumingin-tingin sa kabuuan ng maayos namang silid.

“Hindi ko nga ho alam, lolo, eh,” sumagot ang napakamot sa ulo. “Ni walang usok o ano man.”

“Pero hindi ba’t kitang-kita natin kanina sa labas na nagniningas ang bintana niyang iyan?” tumuro ang matanda sa bintanang may katapat na lamesita na may nakapatong na kulay itim at gintong libro.

“Naku, Lolo, guni-guni n’yo lang iyon,” nakangiwing usal niya sa matanda habang tinapik-tapik niya ang balikat nito. “Sige na, magpahinga na kayo at nang mailabas na rin sa bahay natin itong kutong-lupang bumbero n’yo,” umirap siya sa binata.

“O? Bakit? Hindi mo na ba siya natatandaan, Chloe?” nagtanong ang matanda.

Pinunasan niyang maigi ang kanyang mga salamin at tinitigan ang mukha ng lalaking kaharap. Mayamaya ay muling namula ang magkabila niyang tainga at bumulalas habang nagsitaasan ang kanyang mga kilay, “Ay oo naman, Lolo!” Bigla siyang pumumaywang

sa tapat ng biglang umilag na estranghero. “Hinding-hindi ko malilimutan iyang mukhang iyan!” Dinuro niya ang mukha nito. “Iyang mukhang syokoy na iyan! Ikaw ‘yung bastos na bumangga sa akin sa bookstore kaninang umaga, hindi ba?”

Biglang nangunot ang noo ng lalaki. “Ah oo, tama! Ikaw nga ‘yung masungit na mangkukulam na nandagok sa akin ng libro!” bumalik na rin sa alaala nito ang pamilyar na mukha ng babaeng nakatabing ang mukha ng gulo-gulong buhok.

Aakma na sana si Chloe upang sumuntok rito nang biglang pumagitna si Lolo Jose. “Ano ba kayong mga bata kayo? Hanggang ngayon pa rin ba’y para pa rin kayong mga aso’t pusa?”

“Ano po?” nagtaka siya.

“Chloe, siya si Raven, hindi mo na ba naaalala? Siya ‘yung nakatira diyan sa katabi nating bahay, ‘yung kababata mo,” nagpaalala ito.

“Hay naku, Lolo, kung hindi lang dahil sa inyo, hindi na sana ako nagsayang ng oras sa apo ninyong iyan,” nailing ang patalikod nang

lalaki.

“Ah ganon? At ngayon, ako pa ang masama? Pagkatapos mo akong pagkamalang inodoro at puwet?” nagtaray siya.

“O, ikaw ang nagsabi niyan, ha!” sumagot si Raven. “Sige po, Lolo, tutuloy na po ako.” Nang paalis na ito ay humabol ito ng pang-aasar, “Ay, saka nga pala, nakalimutan mo ring napagkamalan kitang Misis kaninang umaga! Sige, goodnight!”

Nang makapulot si Chloe ng librong ibabato sa nakatalikod na kababata ay siya namang pagsara ng pintuan niya kaya’t sumidhi ang kanyang pagngingitngit.

“Hay naku, apo! You’re twenty-three already and yet you still act like you’re a six-year old!” pinagsabihan siya ng matandang umakma na ring paalis. “Alam mo, kapag hindi ka magbabago ng kasungitan mo, magiging old maid ka! Sayang, napakaganda mo pa naman.”